

Mga Tuntunin at Kundisyon:

Referral Program Ang sumusunod na mga tuntunin at kundisyon ay (ang "Kasunduan") sa pagitan ng naaangkop na Remitly entity ayon sa kahulugan nito sa Seksyon 10 ("Remitly," "kami," o "amin"), at ninyo ("ikaw" o "iyo"), ang kalahok sa Remitly Referral Program (ang "Referral Program"). Ang pakikilahok sa Referral Program ay sumasailalim sa mga tuntunin ng Kasunduang ito, ng Kasunduan sa User ng Remitly, ng Patakaran sa Privacy, at anumang iba pang mga kasunduang mayroon kami sa iyo. Kung hindi ka sang-ayon sa lahat ng tuntunin at kundisyong nilalaman ng Kasunduang ito, hindi ka pinahihintulatang lumahok sa Referral Program.

1. PAGLAHOK SA REFERRAL PROGRAM

Puwede kang lumahok sa Referral Program at makakuha ng Rewards alinsunod sa iyong pagsunod sa mga tuntunin ng Kasunduang ito at pagtugon sa mga itinakdang kinakailangan dito. Para lumahok sa Referral Program, dapat ay mayroon kang nakarehistrong account sa Remitly. Maaaring mangailangan ng karagdagang impormasyon mula sa iyo o sa iyong Referral para makatiyak kami sa iyong mga pagkakakilanlan bilang bahagi ng mga kailangan naming gawin para sa Know Your Customer. Nauunawaan mo na ang pagbibigay ng naturang impormasyon ay kinakailangan para makalahok sa Referral Program at makuha ang Rewards na available.

2. MGA KINAKAILANGAN PARA SA MGA VALID NA REFERRAL

Makakatanggap ka ng pampromosyong alok na magagamit sa susunod mong transfer sa Remitly gaya ng diskwento, bonus, transfer na walang fee, third party na gift card, atbp. ("Reward") para sa bawat magkakaibang taong ire-refer mo sa Remitly na makakatugon sa lahat ng sumusunod na kundisyon ("Referral"):

- In-access ng Referral mo ang serbisyo ng Remitly nang direkta mula sa iyong paraan ng referral (hal., pag-click sa iyong natatanging link) at matagumpay na pag-sign up sa Remitly sa pamamagitan ng link na iyon;
- Matagumpay na na-send ng Referral mo ang una niyang transfer sa Remitly sa isang tao bukod pa sa iyo sa paraang sumusunod sa aming Kasunduan sa User at anumang karagdagang kinakailangan sa pag-send na tinukoy sa pamamagitan ng aming mga serbisyo;
- Ang transfer ng Referral mo ay hindi nakansela (ng Referral o ng Remitly);
- Hindi ka papatawan ng anumang karagdagang kinakailangan, paghihigpit, o limitasyon ng programa sa kakayahan mong mag-claim ng reward na maaari naming idagdag paminsan-minsan at kung saan bibigyan ka namin ng abiso sa pamamagitan ng Kasunduang ito o sa pamamagitan ng aming serbisyo.

3. MGA REWARD

Ang Reward ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon ayon sa pagpapasya ng Remitly; gayunpaman, tutugunan pa rin ang Mga Referral na nakumpleto bago nagbago ang Reward. Para mapigilan ang panloloko o pang-aabuso sa Referral Program na ito, maaari din kaming maglapat ng mga karagdagang kinakailangan, limitasyon, o paghihigpit sa kakayahan mong mag-claim ng Reward na ipapaalam sa iyo sa pamamagitan ng Kasunduang ito o sa pamamagitan ng aming mga serbisyo. Ibinibigay

ang rewards para sa mga layunin ng promo; wala halaga ang mga ito sa cash at hindi ito maaaring ilipat o ipagpalit sa cash o iba pang halaga ng pera.

4. IPINAGBABAWAL NA PAGGAMIT

Sumasang-ayon kang lumahok sa Referral Program alinsunod sa Kasunduang ito. Hindi mo maaaring gawin ang alinman sa mga sumusunod, dahil "Ipinagbabawal na Paggamit" ang bawat isa a) Mag-refer ng mga kasalukuyang customer ng Remitly, kabilang sa pamamagitan ng iba't ibang pagkakakilanlan, login, pagpaparehistro, o anupamang katulad na paraan; b) Mag-refer ng mga taong wala pang 18 taong gulang; c) Gumawa ng maraming pagkakakilanlan, login, o pagpaparehistro para sa sarili mo; d) Mag-refer ng mga kathang-isip, duplicate, peke, o kaya naman ay hindi totoong tao; e) Mag-refer ng mga tao sa pamamagitan ng maramihang pamamahagi na paraan, pamamahagi sa mga hindi kakilala, o sa anupamang paraan na maghahatid o mukhang maghahatid ng hindi gustong email, mga electronic na pakikipag-ugnayan, o spam sa ilalim ng naaangkop na batas o mga regulasyon; f) Paggamit ng Referral Program para sa mga layuning pangkomersyo; g) Lumahok sa Referral Program sa anumang paraang makakasira sa brand, goodwill, o reputasyon ng Remitly; h) Lumahok sa Referral Program kung ang paggawa nito ay ipinagbabawal ng anumang naaangkop na batas, kautusan o regulasyon; o i) Gamitin ang Referral Program sa isang kahina-hinalang paraan o nang lumalabag sa Kasunduang ito, sa Kasunduan sa User (sa anumang non-trivial na paraan), iba pang mga kasunduang mayroon kami sa iyo, o nang lumalabag sa anumang batas, kautusan o regulasyon ng pamahalaan. Kung sasali ka sa isang aktibidad na pinaniniwalaan namin, sa sarili naming pagpapasya, na isang ipinagbabawal na paggamit o kaya naman ay paglabag sa Kasunduang ito, hindi ka kwalipikado at hindi ka magiging kwalipikado para sa isang Reward para sa mga susunod na money transfers ng iyong Referral sa Remitly. Nakalaan sa Remitly ang karapatang ipawalang-bisa ang anumang Referral o paghahatid ng Rewards na: (i) mukhang mapanloko; o (ii) mukhang ginawa bilang resulta ng isang mapanlinlang na transaksyon; o (iii) kaya naman ay lumalabag sa Kasunduang ito, kasama na ang paglahok sa alinman sa isang anumang Ipinagbabawal na Paggamit.

5. PROTEKSYON NG DATA

Kinakatawan at ginagarantiya mo sa amin na nakuha mo ang tahasang pahintulot ng mga indibidwal na may data na ibinibigay mo sa amin. Sumasang-ayon ka pang maaari kaming mag-send sa iyo at sa sinumang indibidwal na nire-refer mo ng mga mensaheng hinggil sa Referral Program, alinsunod sa aming Patakarang sa Privacy at maaari naming sabihin sa iyong Referral ang iyong mga detalye at na isinagawa mo ang referral. Ang lahat ng impormasyong kinokolekta sa Referral Program ay sasailalim sa aming Patakarang sa Privacy.

6. LIMITASYON NG PANANAGUTAN

RESPONSABLE KAMI SA IYO PARA SA MAAASAHANG PAGKALUGI AT DANYOS NA DULOT NAMIN. KUNG HINDI KAMI MAKAKASUNOD SA MGA TUNTUNIN NG KASUNDUANG ITO, RESPONSABLE KAMI PARA SA PAGKALUGI O DANYOS NA MARARANASAN MO NA ISANG MAAASAHANG RESULTA NG PAGLABAG NAMIN SA

MGA TUNTUNING ITO, O NG PAGKABIGO NAMING GUMAMIT NG MAKATWIRANG PANGANGALAGA O KAKAYANAN, PERO HINDI KAMI RESPONSABLE PARA SA ANUMANG PAGKALUGI O DANYOS NA HINDI MAAASAHAN. ANG PAGKALUGI O DANYOS AY MAAASAHAN KUNG MALAMANG NA MANGYAYARI ITO, O KUNG, SA PANAHONG PUMASOK TAYO SA KASUNDUANG ITO, ALAM NATING DALAWA NA POSIBLE ITONG MANGYARI. HINDI KAMI RESPONSABLE PARA SA ANUMANG PAGKALUGI O DANYOS NA MARARANASAN MO BILANG RESULTA NG PAGLABAG MO SA MGA TUNTUNIN NG KASUNDUANG ITO. ANG MAAASAHANG PAGKALUGI O DANYOS NA MAAARING IDULOT NAMIN AY KATUMBAS NG HALAGA SA PERA NG ISANG (1) REWARD NOONG PANAHONG IYON. KINIKILALA MO NA ANG LIMITASYON SA PAGKALUGI O DANYOS NA ITO AY PATAS AT MAKATWIRAN. HINDI GUMAGAWA ANG REMITLY NG ANUMANG PAGKAKATAWAN O GARANTIYA HINGGIL SA ANUMANG MGA RESULTANG NAKUKUHA SA PAMAMAGITAN NG REFERRAL PROGRAM O NG TAGAL NG PAGHAHATID NG REWARDS. MGA PAGBUBUKOD SA AMING MGA LIMIT SA PAGKAKARON NG PANANAGUTAN SA IYO. HINDI NALALAPAT ANG MGA LIMIT SA AMING PANANAGUTAN SA IYO SA ILALIM NG KASUNDUANG ITO KUNG MAKAKARANAS KA NG PAGKALUGI BILANG RESULTA NG: A. PAGKAMATAY O PERSONAL NA PINSALANG DULOT NG AMING MGA PAGKILOS O OMISYON (KASAMA ANG AMING PAGPAPABAYA); B. PANLOLOKO O PANLILINLANG NAMIN; C. PAGGAMIT NA PANGNEGOSYO/KOMERSYAL (NON-DOMESTIC O PRIBADONG PAGGAMIT NG REFERRAL PROGRAM) AT ILANG PARTIKULAR NA PAGKALUGI; D. MGA PAGKILOS NA GINAGAWA NAMIN PARA SUMUNOD SA MGA NAAANGKOP NA BATAS O PARA SA MGA KAGANAPANG WALA SA KONTROL NAMIN (KASAMA NANG WALANG LIMITASYON ANG MGA LOCKOUT, KAGULUHAN, SAKUNA, PAGKAWALA NG KURYENTE, PAGKAWALA NG INTERNET, OUTAGE, O MAINTENANCE). Pakitandaan na ang mga residente ng ilang partikular na hurisdiksyon ay posibleng may ilang partikular na karapatan gaya ng inilalarawan dito: Australia: Walang bahagi ng Kasunduang ito ang naglilimita, nagbubukod o nagbabago o nagmimistulang naglilimita, nagbubukod o nagbabago sa mga garantiya sa consumer na iniaatas ng batas sa ilalim ng Competition and Consumer Act, pati ang anumang iba pang ipinapahiwatig na garantiya sa ilalim ng ASIC Act o mga katulad na batas sa pagprotekta sa consumer sa Mga Estado at Teritoryo ng Australia ("Mga Garantiyang Hindi Nabubukod").

7. PAGHAHATID NG REWARDS

Alinsunod sa iyong pagsunod sa mga tuntunin ng Kasunduang ito, awtomatikong ilalapat ng Remitly ang Reward sa iyong account. Kung hindi ka kwalipikadong makatanggap ng reward sa pamamagitan ng isang paraan ng pagbabayad sa iyong pinagmulang bansa o hurisdiksyon, isasagawa ang pagbabayad ng Reward sa isang paraang pinipili ng Remitly sa sarili nitong pagpapasya (nang makatwiran). Hindi ginagarantiya ng Remitly ang tagal ng paghahatid ng anumang Rewards na nakuha.

8. MGA PAGBABAGO SA KASUNDUANG ITO O SA REFERRAL PROGRAM

Nakalaan sa amin ang karapatang limitahan, amyendahan o wakasan ang Referral Program o ang Kasunduang ito anumang oras nang walang abiso. Ang iyong patuloy

na pakikilahok sa Referral Program pagkatapos ng naturang pagbabago at pag-aabiso tungkol dito ay ituturing bilang iyong pagpapahintulot sa naturang pagbabago.

9. IBA PANG MGA TUNTUNIN

Ang pagresolba sa lahat ng tanong o hindi pagkakaunawaan hinggil sa pagiging kwalipikado para sa Referral Program, pagkuha ng rewards, o iyong pagsunod sa mga tuntunin at kundisyon ng Kasunduang ito ay sasailalim sa aming makatwirang pagkakaintindi. Tahasan naming inilalaan ang karapatang isara ang (mga) account o ipawalang-bisa ang Rewards para sa iyo at iyong Referral kung lalabagin o susubukang labagin ng anumang party ang Kasunduang ito o kung hindi naman ay abusuhin ang mga kinakailangan sa Referral Program, ayon sa tangi ngunit makatwirang pagpapasya ng Remitly. Hindi make-claim o magagamit ng mga empleyado ng Remitly ang Rewards.

10. SUMASAKLAW NA WIKA AT BATAS AT NAAANGKOP NA REMITLY ENTITY

Kung sakaling may anumang hindi pagkakapareho sa pagitan ng English na bersyon ng Kasunduang ito at ng naka-translate na text, mangingibabaw ang English na text. Ang Remitly Referral Program ay ibinibigay at pinapatakbo ng naaangkop na Remitly entity at ang mga batas na sumasaklaw sa mga tuntunin ng Kasunduang ito ay batay sa iyong tinitirhang bansa.

Ang Iyong Tinitirhang Bansa: Australia

Naaangkop na Remitly Affiliate: Remitly Australia Pty Ltd 1 Farrer Place, Sydney NSW 2000

Impormasyon ng Lisensya:

Sumasaklaw na Batas:

Ang Iyong Tinitirhang Bansa: Bansa sa European Economic Area

Naaangkop na Remitly Affiliate: Remitly Europe Limited 1st Floor, Penrose One, Penrose Dock, Cork, T23 KW81, Ireland

Impormasyon ng Lisensya: Regulated ng Central Bank of Ireland. Company number: 629909

Sumasaklaw na Batas: Ireland

Ang Iyong Tinitirhang Bansa: New Zealand

Naaangkop na Remitly Affiliate: Remitly (New Zealand) Limited, Level 30, Vero Centre, 48 Shortland Street, Auckland Central, 1052 New Zealand.

Impormasyon ng Lisensya: Nakarehistro sa Financial Service Providers Register (FSP number 1003229)

Sumasaklaw na Batas: New Zealand

Ang Iyong Tinitirhang Bansa: Singapore

Naaangkop na Remitly Affiliate: Remitly Singapore Pte. Ltd 38 Beach Road, #29-11 South Beach Tower, Singapore 189767

Impormasyon ng Lisensya: Licensed ng Monetary Authority of Singapore para makapagbigay ng mga serbisyo sa paglilipat ng pera sa ibang bansa (UEN 201920838N).

Sumasaklaw na Batas: Singapore

Ang Iyong Tinitirhang Bansa: United Kingdom

Naaangkop na Remitly Affiliate: Remitly U.K., Ltd. 90 Whitfield Street, W1T 4EZ London, England, United Kingdom Company number: 09896841

Impormasyon ng Lisensya: Regulated ng Financial Conduct Authority sa ilalim ng Payment Regulated ng Financial Conduct Authority sa ilalim ng Payment Services Regulations 2017 (reference number: 728639).

Sumasaklaw na Batas: England at Wales

Ang Iyong Tinitirhang Bansa: United States at Canada

Naaangkop na Remitly Affiliate: Remitly, Inc. 1111 3rd Ave Suite 2100 Seattle, WA 98101

Impormasyon ng Lisensya: Lisensyado bilang isang Money Transmitter ng New York State Department of Financial Services at sa PR (TM-143), a Foreign Transmittal Agency in MA, isang Foreign Transmittal Agency sa MA, at isang Currency Transmitter sa RI. NMLS No. 1028236.

Sumasaklaw na Batas: Estado ng Washington

Ang Iyong Tinitirhang Bansa: United Arab Emirates

Naaangkop na Remitly Affiliate: Remitly (DIFC) Limited Level 15 Unit GD-GB-00-15-BC-23, Gate District, Gate Building Dubai International Financial Centre, Dubai, United Arab Emirates

Impormasyon ng Lisensya: Ang Remitly (DFIC) Limited ay pinapangasiwaan ng DFSA

Sumasaklaw na Batas: Batas ng England

[I-share ang Remitly!](<https://www.remitly.com/users/share>)